Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**

RECORDS SECTION
DivED ... Norte
No: ____
JUL 06 2021 By: ____
RELEASED

Memorandum Pansangay
Blg. 347 serye 2021

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya at Sekundarya
Mga Tagapag-ugnay sa Filipino

Mula kay: **MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Unang Gawaing-Kapulungan Ng Mga Tagapag-ugnay At Mga Mananaliksik Sa Filipino**

Petsa: Hulyo 6, 2021

---

1. Alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 serye 1988 na nag-aatas sa lahat ng "Kagawaran/Kawanihan/Tanggapan/Ahensiya at instrumento ng pamahalaan na gumamit ng Filipino bilang opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng **Pansangay Na Gawaing-Kapulungan Ng Mga Tagapag-ugnay At Mga Mananaliksik Sa Filipino**," sa unang pagkakataon ngayong **Agosto 5-6, 2021** sa pamamagitan ng *Google Meet*. Tatalakayin dito ang Ortograpiyang Pambansa, Korespondensiya Opisyal at ang mga programa sa Filipino.

2. Ang mga layunin ng naturang gawain ay ang mga sumusunod:
   a. mabibigyang-linaw ang mga guro sa mga pagbabago ng Ortograpiya;
   b. maipaliwanag ang Kautusang Tagapagpaganap Blg.335 ng1988; at
   c. matatalakay ang mga halimbawa ng korespondensiya opisyal.

3. Ang mga kalahok ay napapangkat ayon sa pagkakasunod at gamit ang *link*:
   a. 60=Tagapag-ugnay ng Filipino(Elem) https://meet.google.com/vfm-doaf-fko
   b. 60=Tagapag-ugnay ng Filipino(Sec.) https://meet.google.com/efu-eymr-ntz

4. Ang pangkat (a) ay papasok sa *link* sa unang araw Agosto 5 (Huwebes) at ang pangkat (b) naman ay papasok sa kanilang link sa pangalawang araw Agosto 6 (Biyernes) tatlumpung (30) minuto bago magsimula ang nasabing *webinar*.

5. Tatanggap ng isang kuwaderno, pluma, *expanded envelope* at *flash drive* (32G) ang bawat kalahok kung saan kinukuha ang pondo mula sa *CID Funds*.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

CIDads/Unang Gawaing-Kapulungan Ng Mga Tagapag-ugnay Sa Filipino /DM09-2021/07062021